COUNTY NG SAN DIEGO
PAMPLET NG IMPORMASYON PARA SA BOTANTE AT SAMPOL NA BALOTA

Unang Superbisoryal na Distrito Espesyal na Primaryang Eleksyon

Martes, Ika-8 ng Abril, 2025

Lahat Ng Botante Ay Pinadalhan Ng Balota Sa Koreo

Tingnan sa loob para sa mga opsyon at detalye sa pagboto.

Bukas ang mga Vote Center sa Ika-29 ng Marso hanggang Ika-8 ng Abril

I-scan para malaman ang lagay ng inyong balota sa koreo, rehistrasyon at lokasyon ng pagboto

SDVOTE

IPAKOREO ITO. IHULOG ITO. BUMISITA.

Main: (858) 565-5800 | Toll Free (800) 696-0136 | sdvote.com | @sdvote

FILIPINO 001

Ang Hassle-Free na Karanasan sa Pagboto: Isang Praktikal na Gabay.

Para sa paparating na espesyal na primaryang eleksyon, ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito ay makakatanggap ng balota sa koreo. Pipili kayo kung **kailan, saan, at paano kayo boboto!**

Ang mga eleksyon ay hindi na isang-araw na kaganapan at hindi na kailangan pang maghintay hanggang sa Araw ng Eleksyon para bumoto. Maaari kayong bumoto nang maginhawa sa inyong tahanan o bumisita sa vote center na malapit sa inyo. **Ang pagpili ay nasa sa inyo!**

Narito ang ilan sa mga istratehiya upang makatulong na gawing mas kumbinyenteng karanasan ang proseso ng pagboto para sa lahat:

I-VERIFY ANG INYONG REHISTRASYON BILANG BOTANTE

Kayo ba ay lumipat o nagpalit ng pangalan? Kung kayo man ay bago sa County ng San Diego o lumipat sa kabilang kalye kailangan ninyong muling-magparehistro upang makaboto. Maaari ninyong gawin ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng bagong porma ng rehistrasyon.

I-verify ang inyong adres ng tahanan at, kung iba, ang inyong adres pangkoreo. Maaari ninyong i-verify ang inyong impormasyon ng botante, magparehistro o muling-magparehistro para bumoto sa **sdvote.com.**

INYONG MGA OPSYON SA PAGBOTO

IPAKOREO ITO. | IHULOG ITO. | BUMISITA.

Ang mga balota ay magsisimulang ipadala sa koreo sa linggo ng Ika-10 ng Marso. Kung pinanatili ninyong updated ang inyong impormasyon ng botante dapat ninyong asahan na matatanggap ang inyong balota sa parehong linggo.

PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

Pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong balota sa loob, at ibalik ito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service.

Tandaan na pirmahan ang inyong sobreng pagbabalikan! **Ang inyong pirma ay kinakailangan upang ang inyong balotang pangkoreo ay mabilang.**

BALLOT DROP BOX

Pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong balota sa loob, at ibalik ito sa alinmang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa buong distrito.

VOTE CENTER

Bumoto nang personal o ihulog ang inyong binotohang balotang pangkoreo sa alinmang vote center sa distrito.

Simula sa **Sabado, Ika-29 ng Marso**, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, hanggang sa huling araw ng pagboto sa **Martes, Ika-8 ng Abril**, kung saan labintatlong mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Ang mga vote center ay nag-aalok ng buong serbisyong karanasan sa pagboto:

- Bumoto nang personal o i-drop-off ang nabotohan na balotang pangkoreo (naka-seal sa loob nitong sobreng pagbabalikan).
- Gumamit ng touchscreen ballot marking device upang markahan ang inyong mga seleksyon at i-print ang inyong opisyal na balota.
- Lahat ng mga ballot marking device ay ganap na accessible na nagpapahintulot sa mga botante na may kapansanan na makaboto nang nakapag-iisa at pribado.
- Dalhin ang inyong opisyal na balota na natanggap sa koreo, magcheck-in sa vote center, pirmahan ang elektronikong roster, at botohan ang inyong opisyal na balota na walang sobreng pagbabalikan.
- Kung kayo ay nagkamali o nawala ninyo ang inyong balotang pangkoreo, maaari kayong bumoto nang personal gamit ang ballot marking device sa alinmang vote center.
- Tumanggap ng tulong sa pagboto, kasama ang tulong sa maraming wika.
- Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon at bumoto sa parehong araw.

Isang kumpletong listahan ng mga ballot drop box at mga vote center ang nakalista sa pamplet na ito at sa sdvote.com.

I-TRACK ANG INYONG BALOTANG PANGKOREO



MAG-SIGN-UP. Maaari ninyong i-track ang inyong balotang pangkoreo sa U.S. Postal Service sa pamamagitan ng pag-sign-up para sa **Nasaan Ang Aking Balota?** at sa **sdvote.com**.

BOSES MO. PILI MO!

Ang paghihintay hanggang sa Araw ng Eleksyon ay isang abala para sa oras ng huling-minutong mga desisyon. O sa pamamagitan ng kaunting preparasyon, maaari ninyong maiwasan ang mga pagkaantala at bumoto nang maaga! Sa anumang paraan, sisiguraduhin namin na ang bawat karapat-dapat na boto ay mabibilang.

Alamin ang mga katotohanan.
Para sa opisyal na impormasyon na may kinalaman-sa-eleksyon sa County ng San Diego, bisitahin ang sdvote.com.

★ ★ ★ BOTO MO. BOSES MO! ★ ★ ★

BUMOTO!

MAS MARAMING ARAW. MAS MARAMING PARAAN.

Ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito ay awtomatikong makakatanggap ng balota sa koreo para sa paparating na Eleksyon.

Ang mga balota ay magsisimulang ipadala sa koreo sa linggo ng Ika-10 ng Marso. Dapat ninyong asahan na matanggap ang inyo sa parehong linggo.

IPAKOREO ITO.

Maaari ninyong kumpletuhin ang inyong balota sa ginhawa ng inyong tahanan. Pirmahan, at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob, at ibalik ito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service.

IHULOG ITO.

Simula sa Ika-11 ng Marso, maaari ninyong piliin na ibalik ang inyong balotang pangkoreo sa alinman sa mga lokasyon ng opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro na matatagpuan sa buong distrito.

BUMISITA.

O bumoto nang personal.

Simula sa Sabado, Ika-29 ng Marso, pitong mga vote center ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes, Ika-8 ng Abril, kung saan labintatlong mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Maaaring matagpuan ang kumpletong listahan ng mga opisyal na ballot drop box at mga vote center sa pamplet na ito at sa sdvote.com.

Mga Petsang Dapat Tandaan!

Simula sa **Sabado, Ika-29 ng Marso**, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, hanggang sa huling araw ng pagboto sa **Martes, Ika-8 ng Abril**, kung saan 13 mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Mag-uumpisa ang maagang pagboto sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa **Lunes, Ika-10 ng Marso**, simula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Marso

Su	M	Tu	W	Th	F	Sa
						1
2	3	4	5	6	7	8
9	10	11	12	13	14	15
16	17	18	19	20	21	22
23	24	25	26	27	28	29
30	31					

Ika-11 ng Marso, 2025
Magbubukas ang 26 na mga opisyal na ballot drop box hanggang sa Ika-8 ng Abril.

Ika-24 ng Marso, 2025
Deadline ng Rehistrasyon ng Botante.

Ika-25 ng Marso – Ika-8 ng Abril
Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante.

Ika-29 ng Marso, 2025
Magbubukas araw-araw ang mga piling vote center hanggang sa Ika-8 ng Abril.

Abril

Su	M	Tu	W	Th	F	Sa
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30			

Ika-8 ng Abril, 2025
Huling araw para bumoto!

13 mga vote center, mga opisyal na ballot drop box, at ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Bumoboto sa koreo?

I-track ang inyong balotang pangkoreo gamit ang U.S. Postal Service sa pamamagitan ng pag-sign up para sa **Nasaan ang Aking Balota?**

Mag-sign up sa **sdvote.com** upang makatanggap ng mga email, text, o tawag na notipikasyon.

SDVOTE

Ang inyong mga napili ay talagang gumagawa ng kaibahan. I-check nang maigi ang mga ito.



Huwag bumoto nang masyadong marami!



Bumoto nang hindi hihigit sa bilang na pinapayagan.

SDVOTE

Matuto Nang Higit Pa Tungkol Sa Sistema ng Pagboto sa County ng San Diego

Lahat ng mga vote center ay magkakaroon ng ganap na pag-deploy ng mga accessible na touchscreen na mga ballot marking device. Ang mga device na ito ay may kakayahan na ilabas ang bawat klase ng balota sa isa sa limang mga wika, at nakakalikha ng nababasang balotang papel. Dahil sa device na ito, ang mga botante ay maaaring bumoto nang personal sa kahit saang vote center sa county.

Ang device na ito ay hindi nagtatabi, nagta-tabulate, o nagbibilang ng anumang mga boto at hindi ito nagtatabi ng anumang impormasyon ng botante.

Pagkatapos kumpirmahin ng botante ang kanyang mga seleksyon sa device, ipi-print ng botante ang kanyang balota sa voting booth gamit ang katabi na printer. Nagpi-print ang sistema ng isang nababasa na balotang papel na nagpapakita ng mga seleksyon ng botante na may kasamang secure na barcode. Ang barcode ay hindi nagtatabi ng impormasyon ng botante, ito ay ginagamit para magtala ng mga resulta sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Maaaring i-review ng mga botante ang kanilang balota, ilagay ito sa pansikretong takip, at ibigay ito sa manggagawa sa botohan upang ilagay ito sa kahon ng balota para mabilang sa opisina ng Tagapagrehistro. Sa oras na mailagay na ito sa loob ng kahon ng balota, ang inyong balota ay opisyal nang naihulog!

Mga Instruksyon sa Pagboto para sa Ballot Marking Device (BMD)

1. Simulan ang Sesyon ng Pagboto

Ipapasok ng manggagawa sa botohan ang activation card upang simulan ang sesyon ng pagboto. Aalisin ng manggagawa sa botohan ang card at pahihintulutan ang botanteng pumili sa pribadong paraan.

2. Pagpili ng Wika

I-TAP ang inyong piniling WIKA upang magpatuloy.

3. I-adjust ang mga Setting

Maaari ninyong I-ADJUST ang laki ng text, contrast, audio at wika sa anumang oras habang nasa sesyon ng pagmarka ng balota.

4. I-navigate ang Balota

Gamitin ang mga kontest na tab sa ITAAS ng screen o mga navigation button sa IBABA ng screen.

I-tap ang **HIGIT PA** na mga arrow sa itaas at ibaba ng screen para mag-scroll pataas at pababa sa screen para makita ang lahat ng available na kandidato para sa mga kontest na may maraming kandidato.



5. Gawin ang Inyong Pagpili

I-TAP ang kahon na katabi ng inyong (mga) pinili para sa bawat kontest upang bumoto para sa pamimiliang iyon. Muling I-TAP upang alisin ang pinili.

Tandaan: Para sa mga kontest na may maraming kandidato, i-tap ang **HIGIT PA** na mga arrow sa itaas at ibaba ng screen upang mag-scroll pataas at pababa sa screen upang makita ang lahat ng available na mga kandidato.



6. Suriin ang Inyong mga Pinili

Pagkatapos bumoto, i-tap ang SURIIN na button sa ibaba ng screen.

Habang sinusuri, maaari kayong gumawa ng mga pagbabago sa anumang kontest sa pamamagitan ng pag-click sa kontest.

Kapag nakumpleto na, i-tap ang I-PRINT ANG BALOTA.

7. I-print ang Inyong Balota

I-tap ang I-PRINT ANG INYONG BALOTA o i-tap ang SURIIN ANG INYONG MGA PAGPIPILIAN upang bumalik sa nakaraang screen.

Kapag nakumpleto na, i-tap ang I-PRINT.





8. Kunin ang Inyong Papel na Balota mula sa Printer

Kumpirmahin ang inyong mga pinili, ilagay ang inyong balota sa secrecy sleeve o sobreng ibinigay ng manggagawa sa botohan. Ibalik sa manggagawa sa botohan upang ilagay sa kahon ng balota. **Kunin ang inyong "Bumoto Ako" na sticker.**

BABALA: IPINAGBABAWAL ANG PANDARAYA SA PROSESO NG BOTOHAN!

PWEDENG MAGRESULTA SA MULTA AT/O PAGKAKAKULONG ANG MGA PAGLABAG.

ANO ANG MGA AKTIBIDAD NA IPINAGBABAWAL:

- HUWAG gumawa o subukang gumawa ng panloloko sa halalan.
- HUWAG magbigay ng anumang uri ng bayad o suhol, sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, para hikayatin o subukang hikayatin ang isang taong bumoto o hindi bumoto.
- HUWAG bumoto nang ilegal.
- HUWAG subukang bumoto o tumulong sa iba na bumoto kapag hindi siya kwalipikadong bumoto.
- HUWAG lumahok sa pangangampanya; kunan ng litrato o i-record ang isang botanteng papasok o palabas sa lugar ng botohan; o harangan ang pasukan, labasan, o paradahan.
- HUWAG pigilan ang karapatan ng isang tao na bumoto o pigilan ang mga botante na bumoto; iantala ang proseso ng botohan; o mapanlokong abisuhan ang sinumang tao na hindi siya kwalipikadong bumoto o hindi siya rehistradong bumoto.
- HUWAG subukang alamin kung bumoto ang isang botante sa kanyang balota.
- HUWAG magdala o sabihan ang isang tao na magdala ng baril sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.
- HUWAG pumunta o sabihan ang isang tao na pumunta nang nakasuot ng uniporme ng peace officer, guwardiya, o security personnel sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.
- HUWAG pakialaman o gambalain ang anumang bahagi ng sistema ng botohan.
- HUWAG i-forge, pekein, o pakialaman ang mga return sa isang halalan.
- HUWAG baguhin ang mga return sa isang halalan.
- HUWAG pakialaman, sirain, o baguhin ang anumang poll list, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
- HUWAG magpakita ng anumang hindi opisyal na lalagyan para sa koleksyon ng balota na posibleng manlinlang ng botante na maniwalang isa itong opisyal na kahon para sa koleksyon.
- HUWAG pakialaman ang kopya ng mga resulta ng mga pagboto.
- HUWAG manghikayat o manlinlang ng taong hindi kayang magbasa o nakatatanda na iboto o hindi iboto ang isang kandidato o panukala na kabaliktaran ng kanyang nilalayon.
- HUWAG kumilos bilang opisyal ng halalan kapag hindi ka ganoon.

HINDI pwedeng hilingin ng mga employer sa kanilang mga empleyado na dalhin ang kanilang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa trabaho o hilingin sa kanilang empleyado na bumoto sa kanilang balota sa trabaho. Sa panahon ng pagpapasahod, hindi pwedeng magsama ang mga employer ng mga materyales na sumusubok na impluwensyahan ang mga opinyon o pagkilos sa pulitika ng kanilang empleyado.

HINDI pwedeng subukan ng mga miyembro ng lupon ng presinto na tukuyin kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota o, kung matutuklasan ang impormasyong iyon, ihayag kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.

Ang mga pagbabawal sa aktibidad na nauugnay sa pandaraya sa proseso ng botohan na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

BABALA: IPINAGBABAWAL ANG PANGANGAMPANYA!

PWEDENG MAGRESULTA SA MGA MULTA AT/O PAGKAKAKULONG ANG MGA PAGLABAG.

SAAN: Sa lugar malapit sa taong nakapila para bumoto sa kanyang balota o sa loob ng 100 talampakan mula sa pasukan ng lugar ng botohan, curbside voting, o drop box, ang mga sumusunod na aktibidad ay ipinagbabawal.

ANO ANG MGA AKTIBIDAD NA IPINAGBABAWAL:

- HUWAG utusan ang isang tao na iboto o hindi iboto ang sinumang kandidato o anumang panukala sa balota.
- HUWAG ipakita ang pangalan, larawan, o logo ng isang kandidato.
- HUWAG harangan ang daanan papunta sa o tumambay sa anumang drop box ng balota.
- HUWAG magbigay ng anumang materyales o naririnig na impormasyon na nasa panig ng o laban sa sinumang kandidato o anumang panukala sa balota malapit saanmang lugar ng botohan, vote center, o drop box ng balota.
- HUWAG magpakalat ng anumang petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referendum, recall, o nominasyon ng kandidato.
- HUWAG mamahagi, magpakita, o magsuot ng anumang damit (mga sumbrero, damit, sign, butones, sticker) na may pangalan, larawan, logo ng isang kandidato, at/o suportahan o kalabanin ang sinumang kandidato o panukala sa balota.
- HUWAG magpakita ng impormasyon o kumausap ng botante tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante na bumoto.

Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

Accessible na Pagboto

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay nakatuon sa pagbibigay sa mga botanteng may kapansanan ng isang secure, nakapag-iisa, at pribadong karanasan sa pagboto. Ang bawat pagsisikap ay ginawa upang masiguro na ang lahat ng mga Vote Center ay tumutupad sa mga pamantayan ng magagamit na aksesibilidad. Itatampok ng mga Vote Center:

- Accessible na mga ballot marking device
- Pagboto sa curbside
- Karagdagang tulong kapag hiningi

Ang mga botante na walang kakayahang magmarka ng kanilang balota ay maaring magdala ng hanggang dalawang indibidwal upang tumulong sa pagboto (§ 14282 (b)).

Ang Disability Rights ng California ay magsasagawa ng isang pambuong-estado na Election Day Hotline para sa mga botante na nahihirapan sa pagboto dahil sa kapansanan, mangyaring tumawag sa (800) 735-2929.

Ballot Marking Device

Ang mga ballot marking device ay magiging available sa bawat Vote Center. Ang bawat ballot marking device ay nilagyan ng headset at handheld controller para sa audio-based na pagboto at available rin sa Chinese, Filipino, Spanish, at Vietnamese.

Remote Accessible Vote-By-Mail (RAVBM) System

Ang sistemang RAVBM ay nagpapahintulot sa isang botante na may kapansanan na mag-download ng isang balota sa isang personal na computer at markahan ito nang pribado at nakapag-iisa gamit ang kanilang sariling assistive technology. Pagkatapos markahan ang balota, ang botante ay magpi-print at ibabalik ang kanilang balota gamit ang napi-print na template ng sobre na kasama sa mga instruksyon ng RAVBM. Tulad ng lahat ng balotang pangkoreo, ang mga balotang RAVBM ay dapat naka-seal sa loob ng isang sobre, pinirmahan, at ipinadala sa koreo, sa alinmang Vote Center, o sa ballot drop box.

Upang humiling at makatanggap ng balotang RAVBM maaari ninyong kumpletuhin ang postcard na may bayad na postage na matatagpuan sa likod ng pamplet na ito.

Mangyaring tawagan ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego sa (858) 565-5800 o Toll Free sa (800) 696-0136 kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa accessible na pagboto sa County ng San Diego.

Ang mga botante na hindi makarinig, nahihirapang makarinig, o may kapansanan sa pagsasalita ay maaaring gumamit ng California Relay Services (CRS) sa pamamagitan ng pag-dial sa 711 para gamitin ang sistemang telepono sa pamamagitan ng text telephone (TTY) o iba pang device upang tawagan ang Toll-Free Voter Phone Line ng Tagapagrehistro. Sinusuportahan ng CRS ang mga sumusunod na paraan ng komunikasyon: TTY, VCO, 2LVCO, HCO, STS, VASTS, ASCII, o Voice.

Access Sa Wika at Tulong sa Botante

Under the California Voter's Choice Act, each eligible voter in San Diego County will receive a ballot in the mail nearly a month before Election Day. Voters may return their ballot by mail, at an official ballot drop box, or at any vote center. They may also choose to vote in-person at any vote center in the county.

No later than seven days before the day of the election, voters may request a vote by mail ballot in Spanish, Filipino, Vietnamese, or Chinese. For select precincts, voters may request a facsimile copy of the ballot in Arabic, Japanese, Korean, Laotian, Persian, or Somali.

No later than seven days before the day of the election, voters may request a remote accessible vote by mail ballot. This allows a voter with a disability to download a ballot onto a personal computer and mark it privately and independently using their own assistive technology.

To request a vote by mail ballot, facsimile ballot, or remote accessible vote by mail ballot, contact the Registrar of Voters at (858) 565-5800, toll free at (800) 696-0136, or at rovmail@sdcounty.ca.gov.

Conforme la Ley de Opciones para el Votante de California, cada votante elegible en el Condado de San Diego recibirá por correo una boleta electoral alrededor de un mes antes del Día de la Elección. Los votantes pueden depositar su boleta electoral por correo en un buzón oficial para boletas electorales o entregarla en cualquier centro de votación. También pueden optar por votar en persona en cualquier centro de votación del condado.

Al menos siete días antes del día de la elección, los votantes pueden solicitar una boleta de voto-por-correo en español, filipino, vietnamita o chino. En algunos distritos electorales, los votantes pueden solicitar una copia facsímil de la boleta electoral en árabe, japonés, coreano, laosiano, persa o somalí.

Al menos siete días antes del día de la elección, los votantes pueden solicitar una boleta electoral de voto-por-correo de acceso remoto. Esto le permite a un votante con discapacidad descargar una boleta electoral en una computadora personal y marcarla de forma privada e independiente utilizando su propia tecnología de asistencia.

Para solicitar una boleta electoral de voto-por-correo, una copia facsímil de la boleta electoral o una boleta electoral de voto-por-correo de acceso remoto, comuníquese con el Registro Electoral llamando al (858) 565-5800, al número gratuito (800) 696-0136 o en rovmail@sdcounty.ca.gov.

Sa ilalim ng Voter's Choice Act ng California, ang bawat karapat-dapat na botante sa County ng San Diego ay tatanggap ng balota sa koreo ng halos isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon. Maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, sa isang opisyal na ballot drop box, o sa anumang vote center. Maaari rin nilang piliing bumoto nang personal sa anumang vote center sa county.

Sa hindi lalampas ng pitong araw bago ang araw ng eleksyon, maaaring humiling ang mga botante ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa wikang Spanish, Filipino, Vietnamese, o Chinese. Para sa mga piling presinto, maaaring humiling ang mga botante ng facsimile na kopya ng balota sa Arabic, Japanese, Korean, Laotian, Persian, o Somali.

Sa hindi lalampas ng pitong araw bago ang araw ng eleksyon, maaaring humiling ang mga botante ng remote na accessible na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Nagpapahintulot ito sa botanteng may kapansanan na i-download ang balota sa isang personal na computer at markahan ito nang pribado at nakapag-iisa gamit ang sarili niyang pantulong na teknolohiya.

Para humiling ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, facsimile na balota, o remote na accessible na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, makipag-ugnayan sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa (858) 565-5800, toll free sa (800) 696-0136, o sa rovmail@sdcounty.ca.gov.

Language Access and Voter Assistance

Theo Đạo Luật Quyền Lựa Chọn Của Cử Tri (Voter's Choice Act) California, mỗi cử tri hợp lệ tại Quận San Diego sẽ nhận được một lá phiếu bầu qua đường bưu điện gần một tháng trước Ngày Bầu Cử. Các cử tri có thể gửi lại lá phiếu bầu qua thư, tại thùng thu nhận phiếu bầu chính thức hoặc tại bất kỳ trung tâm bỏ phiếu nào. Họ cũng có thể chọn bỏ phiếu trực tiếp tại bất kỳ trung tâm bỏ phiếu nào trong quận.

Không trễ hơn bảy ngày trước ngày bầu cử, các cử tri có thể yêu cầu lá phiếu bầu bằng thư bằng tiếng Tây Ban Nha, Phi Luật Tân, Việt Nam, hay Trung Hoa. Đối với một số khu bầu cử, các cử tri có thể yêu cầu bản sao lá phiếu bằng tiếng Ả Rập, Nhật Bản, Đại Hàn, Lào, Ba Tư hoặc Somali.

Không trễ hơn bảy ngày trước ngày bầu cử, các cử tri có thể yêu cầu được bầu bằng thư truy cập từ xa. Điều này cho phép cử tri bị khuyết tật tải lá phiếu xuống máy tính cá nhân và đánh dấu một cách riêng tư và độc lập bằng cách sử dụng công nghệ hỗ trợ của mình.

Để yêu cầu lá phiếu bầu qua thư, lá phiếu bầu qua fax hoặc lá phiếu bầu bằng thư truy cập từ xa, liên lạc Văn Phòng Bầu Cử theo số (858) 565-5800, số điện thoại miễn phí (800) 696-0136, hoặc tại rovmail@sdcounty.ca.gov.

《加州選民選擇法案》規定，San Diego縣每名符合資格的選民將於選舉日前一個月左右收到郵寄的選票。選民可以通過郵寄、官方選票投遞箱或者任何投票中心交回其選票。他們也可以選擇到縣內任何投票中心進行親身投票。

選民可以要求西班牙文、菲律賓文、越南文或中文版郵寄選票，但不得晚於選舉日前7天。在特別選定的選區，選民可以要求索取阿拉伯文、日文、韓文、寮文、波斯文或索馬里文選票的傳真副本。

選民可以要求遠端無障礙郵寄選票，但不得晚於選舉日前7天。這允許身障選民將選票下載至個人電腦，並使用自己的輔助科技工具，有隱私並獨立地標記選票。

如需郵寄選票、傳真選票或者遠端無障礙郵寄選票，請致電 (858) 565-5800、免付費電話 (800) 696-0136，或電郵至 rovmail@sdcounty.ca.gov 聯絡選民登記處。

بموجب قانون اختيار الناخبين في كاليفورنيا، سيحصل كل ناخب مؤهل في مقاطعة سان دييغو على بطاقة اقتراع عبر البريد قبل شهر تقريبًا من يوم الانتخابات. يجوز للناخبين إعادة اقتراعهم عن طريق إرسال الاقتراع بالبريد، أو في موقع صندوق إيداع الاقتراع الرسمي، أو في أي مركز تصويت. ويجوز لهم أيضًا اختيار التصويت حضوريًا في أي مركز تصويت في المقاطعة.

في موعد لا يتجاوز سبعة أيام قبل يوم الانتخابات، يجوز للناخبين طلب التصويت عن طريق الاقتراع بالبريد باللغة الإسبانية أو الفلبينية أو الفيتنامية أو الصينية. بالنسبة لدوائر انتخابية محددة، يجوز أن يطلب الناخبون نسخة طبق الأصل من بطاقة الاقتراع باللغة العربية أو اليابانية أو الكورية أو اللاوسية أو الفارسية أو الصومالية.

في موعد لا يتجاوز سبعة أيام قبل يوم الانتخابات، يجوز أن يطلب الناخبون التصويت عن بعد عن طريق الاقتراع بالبريد. يتيح ذلك للناخب من ذوي الإعاقة تنزيل بطاقة اقتراع على جهاز كمبيوتر شخصي ووضع علامة عليها بشكل خاص ومستقل باستخدام التكنولوجيا المساعدة الخاصة به.

لطلب التصويت عن طريق الاقتراع بالبريد، أو الاقتراع بالفاكس، أو التصويت الذي يمكن الوصول إليه عن بعد عن طريق الاقتراع بالبريد، اتصل بمسجل الناخبين على(858) 565-5800 ، الرقم المجاني على (800) 696-0136 ، أو على rovmail@sdcounty.ca.gov.

Access Sa Wika at Tulong sa Botante

California州投票権法（California Voter’s Choice Act）により、San Diego郡の有権者には、選挙日のほぼ1ヶ月前に投票用紙が郵送されます。有権者は、投票用紙を、郵送にて、あるいは公式な投票ボックス、もしくは投票センターのいずれかで票を投じることができます。また、郡内の投票センターで直接投票することもできます。

選挙当日の7日前までに、有権者はスペイン語、フィリピン語、ベトナム語、中国語による郵便投票を要求することができます。一部の選挙区では、有権者はアラビア語、日本語、韓国語、ラオス語、ペルシア語、ソマリア語のファクシミリ投票用紙のコピーを要求することができます。

選挙当日の7日前までに、有権者は、リモートアクセス可能な郵便投票を要求することができます。これにより、障害のある有権者は、パソコンに投票用紙をダウンロードし、自分自身の支援技術を用いて、個人的に独自に投票用紙に印をつけることができます。

郵便投票用紙、ファクシミリ投票用紙、リモートアクセス可能な郵便投票用紙をご希望の方は、有権者登録係まで電話（858）565-5800、フリーダイヤル（800）696-0136、またはrovmail@sdcounty.ca.govまでご連絡ください。

니아 유권자 선택법(California Voter’s Choice Act)에 따라 San Diego 카운티 내 모든 유자격 유권자는 선거일로부터 거의 1개월 이전에 우편으로 투표지를 받게 됩니다. 유권자는 이 투표지를 우편이나 공식 투표지 투입함, 또는 가까운 투표 센터에서 반환할 수 있습니다. 또한, 카운티 내 투표 센터를 직접 방문하여 투표하기를 선택할 수도 있습니다.

유권자는 선거일로부터 7일 이전까지 스페인어, 필리핀어, 베트남어 또는 중국어 우편 투표지를 요청할 수 있습니다. 일부 선캘리포거구의 경우, 유권자는 투표지 팩시밀리 사본을 아랍어, 일본어, 한국어, 라오어, 페르시아어 또는 소말리어로 요청할 수 있습니다.

유권자는 선거일로부터 7일 이전까지 원격 접근 가능한 우편 투표지를 요청할 수 있습니다. 이는 장애가 있는 유권자가 투표지를 개인용 컴퓨터에 다운로드하여 본인의 장애인 보조 기기를 이용하여 개인적 및 독립적으로 기표할 수 있도록 해주는 서비스입니다.

우편 투표지, 팩시밀리 투표지, 또는 원격 접근 가능한 우편 투표지를 요청하시려면 (858) 565-5800, 무료 전화 (800) 696-0136, 또는 이메일 rovmail@sdcounty.ca.gov로 선거 관리국(Registrar of Voters)에 연락해주십시오.

طبق قانون انتخاب رای‌دهندگان ایالت **California Voter’s Choice Act**)، هر رای‌دهنده واجد شرایط در کلنتی سن دیگو، یک برگه رای‌گیری پستی تقریباً یک ماه قبل از روز انتخابات دریافت خواهد کرد. رای‌دهندگان برگه رای‌های خود را از طریق پست، از طریق صندوق‌های رای‌گیری رسمی، یا در مراکز رای‌گیری برگردانند. همچنین آن‌ها می‌توانند حضوری در مراکز رای‌گیری در کلنتی رای بدهند.

رای‌دهندگان حداقل هفت روز قبل از انتخابات، می‌توانند درخواست برگه رای‌گیری پستی به زبان‌های اسپانیولی، ویتنامی، چینی ساده‌شده، و سنتی دریافت کنند. در حوزه‌های انتخابیه رای‌دهندگان می‌توانند درخواست کنند برگه رای‌گیری به زبان‌های عربی، ژاپنی، کره‌ای، لائوس، فارسی و سومالی دریافت کنند.

رای‌دهندگان حداقل هفت روز قبل از انتخابات، می‌توانند درخواست دسترسی به رای‌گیری پستی از راه دور بکنند. این به رای‌دهندگان دارای معلولیت امکان می‌دهد برگه رای را در کامپیوتر شخصی خود دانلود کرده و آن را با نرم‌افزار مخصوص و تجهیزات کمکی خود علامت‌گذاری کنند.

برای درخواست برگه رای‌گیری پستی، برگه رای‌گیری از راه دور، یا دسترسی به رای‌گیری از راه دور با کمک فناوری، با شماره تلفن رایگان **858(565-5800.**)، **800(696-0136**) تماس بگیرید یا به **rovmail@sdcounty.ca.gov** ایمیل بزنید.

Access Sa Wika at Tulong sa Botante

ພາຍໃຕ້ກົດໝາຍວ່າດ້ວຍທາງເລືອກຂອງຜູ້ລົງຄະແນນສຽງແຫ່ງລັດຄາລິຟໍເນຍ, ຜູ້ລົງຄະແນນທີ່ມີສິດແຕ່ລະຄົນໃນເຂດປົກຄອງຊານດີເອໂກ ຈະໄດ້ຮັບບັດເລືອກຕັ້ງທາງໄປສະນີເກືອບໜຶ່ງເດືອນກ່ອນວັນເລືອກຕັ້ງ. ບັນດາຜູ້ລົງຄະແນນສຽງ ສາມາດສົ່ງບັດເລືອກຕັ້ງຂອງຕົນຄືນທາງໄປສະນີ ຢູ່ສະຖານທີ່ຕັ້ງຫົບຮັບບັດລົງຄະແນນສຽງທາງການ ຫຼື ຢູ່ສູນລົງຄະແນນສຽງໃດໜຶ່ງກໍໄດ້. ນອກຈາກນັ້ນ, ເຂົາເຈົ້າຍັງສາມາດເລືອກລົງຄະແນນສຽງແບບເຊິ່ງໜ້າຢູ່ທີ່ສູນລົງຄະແນນສຽງໃດໜຶ່ງໃນເຂດປົກຄອງອີກດ້ວຍ.

ບັນດາຜູ້ລົງຄະແນນສຽງສາມາດຮ້ອງຂໍການລົງຄະແນນສຽງທາງໄປສະນີເປັນພາສາສະເປນ, ຟິລິບປິນ, ຫວຽດນາມ ຫຼື ຈີນໄດ້ ໂດຍບໍ່ໃຫ້ເກີນເຈັດວັນກ່ອນວັນເລືອກຕັ້ງ. ສໍາລັບບັນດາເຂດທີ່ເລືອກ, ບັນດາຜູ້ລົງຄະແນນສຽງສາມາດຮ້ອງຂໍສໍາເນົາບັດເລືອກຕັ້ງທາງແຟັກ ເປັນພາສາອາຣັບ, ຍີ່ປຸ່ນ, ເກົາຫຼີ, ລາວ, ເປີເຊຍ ຫຼື ໂຊມາເລຍ ໄດ້.

ບັນດາຜູ້ລົງຄະແນນສຽງສາມາດຮ້ອງຂໍການລົງຄະແນນສຽງທີ່ສາມາດເຂົ້າເຖິງແບບທາງໄກໄດ້ ໂດຍໃຊ້ບັດເລືອກຕັ້ງທາງໄປສະນີ ໂດຍບໍ່ໃຫ້ເກີນເຈັດວັນກ່ອນວັນເລືອກຕັ້ງ. ການລົງຄະແນນສຽງແບບນີ້ ຈະຊ່ວຍໃຫ້ຜູ້ລົງຄະແນນສຽງທີ່ມີຄວາມພິການສາມາດດາວໂຫຼດບັດເລືອກຕັ້ງລົງໃສ່ໃນຄອມພິວເຕີສ່ວນຕົວ ແລະ ໝາຍບັດແບບເປັນສ່ວນຕົວ ແລະ ເປັນເອກະລາດ ໂດຍໃຊ້ເຕັກໂນ�โลຊີຊ່ວຍເຫຼືອຂອງຕົນເອງ.

ເພື່ອຮ້ອງຂໍການລົງຄະແນນສຽງໂດຍບັດເລືອກຕັ້ງທາງໄປສະນີ, ບັດເລືອກຕັ້ງທາງແຟັກ ຫຼື ການລົງຄະແນນສຽງທີ່ສາມາດເຂົ້າເຖິງແບບທາງໄກໄດ້ ໂດຍໃຊ້ບັດເລືອກຕັ້ງທາງໄປສະນີ, ໃຫ້ຕິດຕໍ່ເຈົ້າໜ້າທີ່ລົງທະບຽນຜູ້ລົງຄະແນນສຽງ ທີ່ເບີ (858) 565-5800, ໂທລະສັບທີ່ເບີ (800) 696-0136 ຫຼື ທີ່ rovmail@sdcounty.ca.gov.

Sida uu dhigayo Sharciga Doorashada California, qof kasta oo codeyn kara oona degan degmada San Diego wuxuu ku heli doonaa warqadda codbixinta boostada ku dhawaad bil kahor Maalinta Doorashada. Codbixiyayaashu waxay ku soo celin karaan warqadooda cod-bixinta boostada, sanduuqa codbixinta ee rasmiga ah, ama xarun kasta oo codbixineed. Sidoo kale wax laga yaabaa inay doortaan inay qof ahaan uga codeeyaan xarun kasta oo codbixineed oo ku taal degmada.

Wax aan ka dambayn todobo maalmood ka hor maalinta doorashada, codbixiyayaashu waxa ay ku codsan karaan in loogu soo diro boostada warqadda codbixinta oo ku turjuman Af-Isbaanish, Af-Filibiin, Af-Fiitnaamiiska, ama Af-Shiinays. Xaafadaha la xusho, codbixiyayaashu waxa ay codsan karaan nuqul ka mid ah warqadda cod bixinta oo ku qoran Af-Carabi, Af-Jabbaan, Af-Kuuriyaan, Af-Laotiyan, Af-Faaris, ama Af-Soomaali.

Wax aan ka dambayn todobo maalmood ka hor maalinta doorashada, codbixiyayaashu waxa ay codsan karaan inay helaan warqada codbixinta ee codka lagaga dhiiban karo qaab fogaan-araga ah. Tani waxay u oggolaanaysaa cod-bixiyaha naafada ah inuu ka soo dejisto warqadda codbixinta kombayuutarka shaqsiyeed oo uu si gaar ah oona madaxbannaan u calaamadeeyo isagoo isticmaalaya tignoolajiyada caawinta ee iyaga u gaarka ah.

Si aad cod ugu codsato boostada, warqadda cod bixinta, ama cod bixinta qaabka fogaan araga iyadoo la isticmaalayo warqada codbixinta la iskugu soo diro boostada, kala xidhiidh Diiwaan-hayaha Codbixiyayaasha lambarka (858) 565-5800, lambarka lacag la'aanta ah ee (800) 696-0136, ama barta rovmail@sdcounty.ca.gov.

4 na madadaling hakbang upang makatanggap ng paperless na patnubay para sa botante

